



# FINDING Your Way<sup>®</sup> HANAPIN ang Iyong Daan

*Para sa mga taong may Alzheimer's,  
ang bawat hakbang ay mahalaga.*

## Kapag ang taong may Alzheimer's ay nawawala

---

Huminga nang malalim at subukang maging kalmado kahit na ito ay hindi madali. Hindi ka nag-iisa. May mga taong tutulong sa iyo. Ang pagbasa sa susunod na listahan ay makakatulong na maibalik ang taong may Alzheimer's o iba pang sakit na kaugnay nito kaagad nang ligtas.

### **Tumawag ng pulis – 911 – ang paghahanap ay isang emerhensiya – HUWAG MAG-ANTALA!**

1. Kaagad na sabihin sa mga pulis na ang taong nawawala ay may Alzheimer's o sakit na kaugnay nito.
2. Subukang isipin kung gaano na katagal mula nang huli mong nakita ang taong nawawala.
3. Ibigay sa pulis ang lahat ng impormasyon na iyong tinipon sa "[Kit ng Pagkakakilanlan](#)" – kasama na ang isang pinakabagong-kuhang litrato ng taong nawawala.
4. Ipagbigay-alam sa mga pulis ang anumang kundisyong medikal o mga gamot na iniinom ng taong nawawala.
5. Sabihin sa mga pulis kung saan sa tingin mo maaaring magpunta ang nawawala.
6. Ipagbigay-alam sa kanila kung ang tao ay nakarehistro sa mga programang tulad ng [MedicAlert<sup>®</sup> Safely Home<sup>®</sup>](#), [Project Lifesaver<sup>®</sup>](#) o kung mayroon siyang anumang [identification/locating devices](#) na suot-suot.



Para sa impormasyon kung paano maaaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Alzheimer Society, tumawag sa 2-1-1  
Bumisita sa: [FindingYourWayOntario.ca](http://FindingYourWayOntario.ca)

Société Alzheimer Society

Fundado por





## **Pagtipon-tipunin ang mga taong tutulong o susuporta**

1. Siguraduhing may maiiwan sa bahay sakaling bumalik sa bahay mag-isa ang taong nawawala.
2. Sabihan ang mga kaibigan, kapamilya at mga kapitbahay na ang tao ay nawawala.
3. Kung ang tao ay may sasakyan, sabihin sa mga pulis ang mga impormasyon na makakatulong upang makilala ang sasakyan (numero ng plaka, modelo at yari, at kulay ng sasakyan).
4. Kung maaari niyang gamitin ang kaniyang mga kredit kard, sabihin sa mga pulis na ipaalam sa mga kumpanya ng mga kredit kard na ang taong ito ay nawawala at maaaring gamitin nila ang kanilang kard. Ang pagsubaybay sa paggamit ng mga kredit kard ay maaaring makatulong upang matagpuan ang taong nawawala.

## **Magsagawa ng isang mabilisang paghahanap**

1. Maghanap sa loob ng bahay:
  - ✓ mga kuwarto, kasama na ang mga kabinet at ilalim ng kama
  - ✓ (mga) banyo
  - ✓ ang basement, kasama na ang mga nakatagong lugar na madaling pasukan
  - ✓ garahe, kung ito ay kunektado o malapit sa bahay
2. Tignan kung may mga bagay tulad ng bagahe, mga susi ng sasakyan o mga kredit kard na nawawala. Ang mga ito ay maaaring magbigay ng bakas kung nasaan sila.
3. Maghanap sa paligid ng iyong bahay – gawin lamang ito kung ikaw ay may bakuran. Kung ikaw ay nakatira sa isang liblib na lugar, huwag maghanap nang mag-isa. Maaari mong ilagay sa panganib ang iyong sarili at makakagulo ito sa paghahanap na isinasagawa ng mga pulis.

*Adapted from materials developed by Alzheimer Society British Columbia.*